



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-10 ng Pebrero, 2020
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

MGA IMPORTANTENG DEADLINE PARA SA IKA-3 NG MARSO PAMPANGULUHANG PRIMARYANG ELEKSYON

Kayo ay mayroon na lamang isang linggo hanggang sa deadline upang [magparehistro para makaboto](#) o baguhin ang status ng inyong rehistrasyon ng botante sa Ika-3 ng Marso Pampanguluhang Primaryang Eleksyon.

"Kung kayo ay kamakailang lumipat, binago ang inyong pampulitikang partido o binago ang inyong pangalan, kailangan ninyong punan ang isang [bagong porma ng rehistrasyon](#)," sabi ng Tagapagrehistro ng Mga Botante na si Michael Vu. "Kung bumisita kayo sa Department of Motor Vehicles sa nakaraang dalawang taon, [kumpirmahin ang inyong rehistrasyon](#) upang matiyak na mayroon kaming record ng inyong status ng partido. Maaari kayong mag-online upang gawin ito, ang proseso ay mabilis, madali at maginhawa."

Ito ay kritikal para sa inyo na i-check ang inyong status ng rehistrasyon kung nais ninyong bumoto para sa pangulo. Kung nakarehistro kayo sa isang pampulitikang partido na naiiba sa pampanguluhang kandidato na nais ninyong iboto, kakailanganin ninyong magparehistro para makaboto sa partidong iyon at hinihikayat kayong gawin ito bago ang Ika-18 ng Pebrero.

Kung nakarehistro kayo bilang Walang partido (kilala rin bilang independiyente, walang preperensyang partido "o" pagtanggap ipahayag), wala kayong makikitang anumang mga pampanguluhang kandidato sa inyong balota. Mayroon kayong opsyon na [humiling ng balota](#) para sa mga partidong American Independent, Democratic o Libertarian kung nais ninyong bumoto para sa isa sa kanilang mga pampanguluhang kandidato. Kung nais ninyong bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato sa mga partidong Green, Peace and Freedom o Republican, dapat kayong magparehistro para makaboto sa partidong iyon, at muli kayong hinihikayat na gawin ito bago ang Ika-18 ng Pebrero.

Kung hindi kayo sigurado sa inyong rehistrasyon, i-check ang inyong status online sa [sdvote.com](#). Kung hindi kayo nakarehistro o kailangan ninyong baguhin ang inyong rehistrasyon, makikita rin ninyo ang impormasyong iyon doon.

Mayroong dalawang mga importanteng deadline na papalapit:

- **Martes, Ika-18 ng Pebrero** - Deadline para magparehistro. Maaari kayong magparehistro sa [sdvote.com](#), at kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa pamamagitan ng mga record ng Department of Motor Vehicles, awtomatiko itong ipapadala sa Tagapagrehistro. Kung ang inyong pirma ay hindi nakumpirma, maaari ninyong i-print ang porma, pirmahin ito at ipakoreo ito sa Tagapagrehistro.

Para sa mga botante na walang access sa isang computer, mayroong mga porma sa mga opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante, U.S. Postal Service, City Clerk, mga pampublikong library at Department of Motor Vehicles. Lahat ng mga porma ay dapat may postmark o maihatid sa Tagapagrehistro ng Mga Botante hindi lalampas sa Ika-18 ng Pebrero. Maaari kayong [magparehistro para makaboto sa online](#)



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-10 ng Pebrero, 2020

hanggang hatinggabi at ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas hanggang ika-8 ng gabi sa Ika-18 ng Pebrero. Kung hindi ninyo naabutan ang deadline maaari pa rin kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang Araw ng Eleksyon. [Dagdagan ang kaalaman tungkol sa Conditional Voter Registration sa sdvote.com.](#)

- **Martes, Ika-25 ng Pebrero** - Deadline upang mag-apply para sa isang balotang pangkoreo. Maaari kayong mag-apply sa [sdvote.com](#) o gamitin ang aplikasyon sa likod ng inyong pamplet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante. Maaari rin kayong humiling ng isang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang sulat sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng may inyong pangalan, nakarehistrong adres, ang pangalan at petsa ng eleksyon, ang adres kung saan ipapakoreo ang balota at inyong pirma. Ipadala ang mga porma sa Registrar of Voters, 5600 Overland Avenue, San Diego, 92123, email sa rovmail@sdcounty.ca.gov o fax sa (858) 694-2955. Maaari rin kayong humiling ng isang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng telepono sa (858) 565-5800. Ang kahilingan ay naa-apply lamang sa Ika-3 ng Marso na eleksyon at dapat kayo ang personal na tumawag.

Lahat ng mga aplikasyon ay dapat nasa opisina ng Tagapagrehistro sa o bago ang ika-5 ng hapon sa Ika-25 ng Pebrero. Ang mga postmark na may petsang iyon ay hindi tatanggapin. Ang mga botanteng naka-sign up na upang permanenteng bumoto sa pamamagitan ng koreo ay hindi kailangang muling mag-apply.

Para sa mga botante na nangangailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales sa eleksyon ay makukuha rin sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa Ika-3 ng Marso na eleksyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](#).

###

COUNTYNEWSCENTER  